


Kitaouji Rosanjin at ang mga Okamoto

220 (岡本太郎美術館北大路魯山人展について)



Ang eksibisyong pinamagatang “Kitaouji at ang mga Okamoto” ay gaganapin sa Taro Okamoto Museum hanggang ika-9 ng Enero 2006.

Si Kitaouji Rosanjin ay isang ceramic artist na nag-aral ng kaligrapiko bilang magsasanay o aprentis sa ilalim ng ninuno ni Ginoong Taro Okamoto na si Katei Okamoto sa loob ng dalawang taon noong 1905.

Si Kitaouji ay naging malapit sa pamilya ng Okamoto at maayos ang pakikisama nagtagal ng may 3 henerasyon. Kadalasan, umiinom siya ng sake kasama si Ipeei (ang ama ni G. Taro) na kilala rin bilang manunulat sa komiks kagaya ni Kitaoji. Masasabi rin ang nobelang pinamagatang “SHOKUMA” na akda ni Kanako Okamoto (ina ni G. Taro) ay nagsasalaysay ng buhay ni Kitaoji Rosanjin noong panahon ng kabataan nito. Itinuring ni G. Rosanjin si G.Taro bilang mahal at malapit na kamag-anak.

Ang eksibisyong ito ay magpapakitang muli sa atin ng isa sa mga iba’t-ibang pagkatao ni G Taro Okamoto. Makikita sa mga likhang naka-display ang kinalaman ng tahanan ng mga Okamoto, G.Taro Okamoto at G.Rosanjin Kitaoji.

Ang museo ni G. Taro Okamoto ay maaaring lakarin ng 17 minuto mula sa south exit ng istasyong Mukogaoka-yuen Odakyu Line. Ang museo ay bukas sa oras ng 9:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Sarado sa araw ng Lunes at 28 ng Disyembre hanggang 4 ng Enero para sa pagdiriwang ng bagong taon. Gaganapin ito hanggang ika-9 ng Enero sa halagang 900 yen sa mga adulto, 700 para sa mga hayskul at kolehiyo at libre naman para sa mga 65taon pataas at junior high school pababa.

Para sa mga may katanungan tungkol sa eksibisyon, tumawag sa telepono ng museo 044-900-9898.



Monumento ng Wind Power

221 風力電力モニュメントについて

Mula sa natapos nang Aichi · Expo nang nakaraang buwan ng Septyembre, kung saan 7 monumento ng wind power ang nakahilera sa harapan ng Wonder Circus of Electric Power Pavillion, matatagpuan na ang mga ito sa Siyudad ng Kawasaki dahil ang mga monumentong ito ay donasyon ng Nasu Electrics sa Siyudad. Ang pangunahing tema ng Aichi · Expo ay “ The Wisdom of Nature”. Dahil dito ang mga iba’t-ibang pabilyon at mga mapapanood ay planado at gawa sa mga kagamitang maaaring muling magamit at ma-resaykel. Ipamimigay sa Kawasaki ang monumento sapagkat galing sa Kawasaki ang ideya ng pagpapagawa ng “windmills” kung saan ito ay hango sa pagkagawa ng “Kaifu no Mori” (海風の森) na matatagpuan sa Parke ng Ukishima-machi. Inaasahang ang “windmills” ay magiging kaakit-akit sa paghikayat sa mga kabataan upang maging interesado sa kapaligiran at kalikasan.

Ang Wind Power Monuments ay may 4.5 metros na may 5 blades sa lapad na 5mm. Umiikot ito sa bilis na 1.5 metro at sa 3 metro ay maaaring makapag-charge ng elektrisidad. Itatayo ang monumento sa entrada ng Kawasaki Frontale home ground ng Todoroki Stadium. Pipinturahan din ito ayon sa kulay ng Frontale Team na Asul at ikakabit din dito ang bandila ng Team. Matatapos ang paggawa nito sa Marso 2006. Sa mga interesado at may katanungan ukol sa Wind Power Monuments, makipag-ugnayan sa Parks and Greenery section of the Environment Bureau 044-200-2390.

Paligsahan ng likhang bideo



Ipinagbibigay-alam sa lahat ang pangangailangan ng mga lahoc sa eksibisyong pinamagatang

“A Visual Video Display of our City: Kawasaki” Ang Sogo Kyoiku Center (Sentro ng Pangkalahatang Edukasyon) ay naghahanap ng mga lahoc na sariling gawa o kuhang bideo na magpapakita ng pang-araw-araw na kabuhatan ng Kawasaki sa anumang anggulo o tema. Ang bideong maaaring isumite ay nararapat magkaroon ng 15 minutong haba, kuha o gawa sa loob nitong nakaraang dalawang taon at hindi pa nakatanggap ng pabuya sa anumang paligsahan. Maaring magsumite ang mga grupo o indibidwal. Ang mga musika o script na gagamitin sa bideong gagawin ay hindi dapat lumabag sa batas ng orihinal na akda (copyright laws). Ipadala ang mga aplikasyon hanggang sa araw ng Biyernes, 13 ng Enero 2006 sa pamamagitan ng rehistradong koreo. Address na padadalhan: Sogo Kyoiku Center, Mizonokuchi 6-9-3, Takatsu Ward, Kawasaki City, zip code 213-0001. Magkakaroon ng seremonya ng pagbibigay gantimpala sa mga panalong lahoc at ipapalabas ang kanilang bideo sa 25 ng Pebrero sa Takatsu shiminkan.

Sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa miyembro ng komite ng Sogo Kyoiku Center:044-844-3713.

Paligsahan ng kuhang larawan



Magkakaroon din ng paligsahan sa larawan ang “Kawasaki Sightseeing Photographic Competition”. Maaaring magsumite ng mga larawan sa temang nagpapahayag ng tradisyonal, natural/likas o mga tanawin kuha mula sa lokal na lugar ng Kawasaki at ang mga mamamayan nito at mga ibentong ginanap sa Siyudad ng Kawasaki.

Ang mga larawan ay kinakailangang may kulay (colored) at naka-print sa may kuwadro. Tinatanggap din ang mga kuha sa digital camera bagama’t tinatanggihan naman ang mga artipisyal na lahoc. Limitado rin ang mga lahoc sa mga sariling gawa at hindi pa nakatanggap ng pabuya sa anumang paligsahan.

Ipadala ang mga lahoc sa: Kawasaki-ku Miyamoto-cho 1, “Kawasaki Sightseeing Photographic Competition” Tourism and Industrial Promotions Division, Economic Bureau, Kawasaki City.

Maaari ding magsumite ng personal sa Economic Bureau. Hindi na maibabalik ang mga lahoc.

Ang magwawagi ay tatanggap ng 50,000 yen at sertipiko o katunayan at iba pang maliliit na premyo. Sa iba pang detalye, tumawag sa 044-200-2327.

Libreng Konsulta tungkol sa Visa

Ang mga Gyoseishoshi Lawyers ay magbibigay ng libreng konsultasyon serbisyo sa mga dayuhan

◆ Nilalaman ng konsultasyon:

Problema sa bisa, Pagpapa-extend, Pagpapapalit ng status, Naturalisasyon, Permanenteng bisa, Long-term resident, Certificate of eligibility, International marriage/divorce, Special permit of residence mula sa Minister of Justice, pagpapatayo ng sariling kompanya/sangay ng kompanya sa ibang bansa, pagkuha ng lisensya pang-business atbp.

A. Kailan: Unang Sabado ng bawat buwan mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon

Lugar: Kanagawa Volunteer Support Center

2-24-2 Tsuruya-cho, Kanagawa ward, Yokohama-shi

B. Kailan: Pangatlong Linggo ng bawat buwan mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon

Lugar: Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gioncho Nakahara ward Kawasaki-shi

iskedyul sa 2006 taon: 15 ng Enero (Linggo) 19 ng Pebrero (Linggo) 19 ng Marso (Linggo)

Salin-wika: Ogura Noemi

Inilathala ng The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/